

## MGA MENSAHE SA MGA MAGULANG AT ESTUDYANTE

### **Paksa: COVID-19 – Bagong Paraan para sa mga Seremonyas at Pagdiriwang sa Pagtatapos**

Minamahal na mga estudyante at magulang:

Para sa mga magtatapos na estudyante, nakakaapekto sa mga aktibidad para sa pagtatapos ang pagsasara ng mga paaralan bilang resulta ng pandemyang COVID-19. Marami sa kanila ang nag-aalala kung paano ipagdiriwang ang kanilang mga pang-akademikong tagumpay.

Pinag-iisipan ng isang pambuong probinsyang komite, na binubuo ng limang punong-guro ng paaralan, apat na estudyante, at isang kinatawan mula sa Department of Education and Early Childhood Development, ang mga paraan kung paano ipagdiriwang ang mga nakamit na tagumpay ng mga magtatapos, habang sumusunod sa mga hakbang para sa Pamublikong Kalusugan na kaugnay ng COVID-19.

Pagkatapos pag-aralan ang mga limitasyon at mahahalagang salik na tinukoy ng mga estudyante, napagpasyahan ng komite na napakahirap tugunan ang mga katotohanang kinakaharap ng bawat paaralan dahil sa iba't ibang bilang ng mga magtatapos. Kaya, isinasaalang-alang ng komite ang ilang posibleng senaryo para sa mga seremonyas at prom para sa pagtatapos, at napagpasyahang mas mabuti para sa bawat paaralan na bumuo ng sarili nitong lokal na plano.

Pagsasama-samahin ng isa sa mga iminumungkahing senaryo ang isang virtual na pamprobinsyang bahagi (virtual provincial component) at isang lokal na bahagi (virtual o nang personal) para makapag-ambag ang mga paaralan sa kanilang mga seremonya sa pagtatapos, habang sumusunod sa mga hakbang para sa Pamublikong Kalusugan.

Hindi inirerekomenda ang pag-uurong sa mga okasyong ito sa ibang petsa dahil sa tagal na maaaring lumipas bago muling pahintulutan ang malalaking pagdiriwang. Gayunpaman, maaaring magpasya ang mga paaralan na suportahan ang mga inisyatibo sa hinaharap para sa mga estudyangte kung gusto nila.

Pagkatapos ng pagkonsulta sa mga estudyante at staff, bumubuo ngayon ang mga punong-guro ng plano para sa kani-kanilang paaralan. Ang plano, na naaprubahan noong Mayo 26, 2020, ay dapat na sumunod sa mga hakbang para sa Pamublikong Kalusugan. Siyempre pa, hindi natin aasahang magiging katulad ng mga nakalipas na seremonya ang mga seremonyang ito, pero naniniwala ang komite na posibleng parangalan ang mga nakamit na tagumpay ng mga estudyante sa isang espesyal at natatanging paraan.

Alam namin na napakahalaga ng bagay na ito para sa mga magtatapos na estudyante. Isa itong napakalaking pangyayari sa buhay at nararapat lang na ipagdiwang sa napakaespesyal na paraan.

Ibabahagi ng punong-guro ng inyong paaralan ang plano sa mga susunod na araw.

